

Ano ang kailangan mong malaman ...

Mga Impeksiyon sa Tainga



Ano ba ang impeksiyon sa tainga?

Mga impeksiyon sa tainga—na tinatawag rin na *otitis media* (o-TI-tis ME-de-a)—ay madalas na nag-uumpisa sa isang virus sa sipon o iba pang sakit. Ito ay maaaring humantong sa pamumula, pamamaga, at konting likido sa gitnang tainga ng inyong anak. Ang mga impeksiyon sa tainga ay karaniwang masakit, na nagpapahirap sa isang bata na kumain at matulog. Minsan, sila ay sanhi ng lagnat (temperatura na 100.4°F o mas mataas). Kung iniisip ninyo na mayroong pananakit sa tainga ang inyong anak o nakitang mayroong likidong lumalabas sa tainga, tawagan ang inyong doktor.

Paano kung ang impeksiyon sa tainga ay nagiging sanhi ng maraming pananakit?

Karamihan sa mga bata na mayroong impeksiyon sa tainga ay talagang maraming pananakit. Ang mga sanggol ay maaaring kuskusin ang kanilang mga tainga, magkaroon ng problema sa pagtulog, o magkaroon ng sumpung. Ang pangunahing mga gamot para sa panlunas sa pananakit ng isang impeksiyon sa tainga ay acetaminophen (na makikita sa Pambatang **TYLENOL**®) at ibuprofen (na makikita sa Pambatang **MOTRIN**®)—hindi mga antibayotiko. Tanungin ang inyong doktor para sa kanyang rekomendasyon kung aling panlunas sa pananakit ang gagamitin.

Ang mga panlunas sa pananakit ay dapat ibigay sa oras na nalaman niyo na ang inyong anak ay mayroong impeksiyon sa tainga, at lalo na bago matulog dahil ang paghiga ay maaaring magpadagdag sa pananakit. Masuwerte na, pagkatapos ng 24 na oras, higit sa kalahati ng mga bata ay makakaramdam ng mas mabuti; at karamihan ay makakaramdam ng mas mabuti sa loob ng ilang araw. Ang mga antibayotiko ay hindi makakalunas ng pananakit sa tainga sa unang 24 oras, at karamihang mga impeksiyon sa tainga ng mga bata ay gagaling na wala ang mga ito.

Mga payo para matulungan ang inyong anak para maiwasan ang mga impeksiyon sa tainga

Ang ibang mga bata ay malamang na mas makakakuha ng mga impeksiyon sa tainga kaysa iba sa panahon ng maagang pagkabata, kung kailan ang kanilang panloob na tainga at ang resistensya ay binubuo pa. Pero mayroong mga hakbang na maaari ninyong gawin na makakatulong maprotektahan ang mga maliliit na tainga mula sa impeksiyon, kasama ang:

- Pagprotekta sa mga bata mula sa mga virus ng sipon at trangkaso, sa pamamagitan ng paghihikayat ng madalas na paghugas ng kamay at paglayo sa kanila mula sa ibang tao na may sakit
- Huwag hayaan ang mga bata na uminom galing sa mga bote o mga tasa habang nakahiga. Ito ay nagpapaagos sa likido at mga mikrobyo sa gitna ng tainga
- Panatiliing napapanahon sa mga pababakuna. Ang mga bakuna sa sanggol na pneumococcal at meningitis ay nakakatulong na pababain ang mga impeksiyon sa tainga. Ang taunan na bakuna sa trangkaso ay nakakatulong din
- Paglayo sa mga bata mula sa usok ng sigarilyo. Ang mga usok at alikabok ay nagpapadagdag ng panganib para sa pamumuo ng likido sa tainga at impeksiyon



I-download ang LIBRENG Kid's Wellness Tracker

Subaybayan ang taas, bigat, BMI, mga bakuna, mga sintomas, at mga gamot, at ikalkula ang dosis.



Mga Makakatulong na Karunungan sa Kalusugan galing sa McNeil Consumer Healthcare Division ng McNEIL-PPC, Inc., ang manggagawa ng Children's **TYLENOL**® at Children's **MOTRIN**®

Ang App Store ay isang paglilingkod na tatak ng Apple Inc. Ang Google Play ay isang tatak-pangkalakal ng Google Inc. Maaaring gamitin ang mga standard na presyo sa pag-download.

©McNEIL-PPC, Inc. 2013 MHP-002T